

Ang sagot sa iyong mga katanungan

Ang sheet ng mga kadalasang tanung ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng ano mang payo ng pamahalaan at suporta na magagamit para sa mga empleyado sa pananahon ng pagsilkab ng Coronavirus (COVID-19).

Para sa pinsadya na payo tungkol sa ano mang mga isyu na tinalakay sa FAQs na ito o sa iba pang aspito ng batas sa trabaho, pakiusap tumawag sa (028) 9024 4401 at sabihing gusto mong kausapin ang employment law adviser. Bilang kahalili, maari kang mag-email sa employmentadvice@lawcentreni.org, at mag-iwan ng iyung mga detalye kung saan maaari kang kontakin.

Paanu kung magsisimula akong magkakasakit sa trabaho?

Kung ikaw ay nagkakasakitng bago lang, walang tigil na ubo o mataas na temperatura, ikaw ay dapat umuwi. Dapat kang manatili doon sa bahay at ‘ihiwalay ang sarili’ ng pitong araw mula noong nag simula ang mga sintoma. Kung ikaw ay nakatira kasama ang iba (pamilya o kabahay), dapat din silang manatili sa loob ng bahay ng labing apat na araw simula sa petsa na ito. Para sa pangkalusugang payo o patnubay, pakiusap gamitin ang [NHS 111 online coronavirus service](#).

Babayaran ba ako ng amo ko habang ako ay may sakit o habang naka self-isolation?

Kung ikaw ay kailangang magbakasyon mula sa trabaho dahil sa Coronavirus (COVID-19) – kahit, dahil ikaw ay may sakit o dahil kailangan mong mag self-isolate at hindi kayang mag-trabaho sa bahay, dapat mong suriin kung anung penansyal na suporta ang iyung magagamit. Kung ang iyung amo ay may patakaran para sa Coronavirus (COVID-19) na nakahanda, Baka magbigay ng impormasyon para sa suporta na nakahanda na ibigay. Bilang kahalili, kailangan mong suriin kung may karapatan ka para sa contractual sick pay – ito ay sick pay, sobra at mas mataas ng minimum sa statutory, ibinigay bilang isang sugnay sa iyong kontrata sa pagtatrabaho.

Kahit ang iyung amo ay Hindi nakatuon sa pagbibigay ng contractual sick pay, baka karapat-dapat ka para sa statutory sick pay (SSP), sa kundisyong matugunan mo ang mga kinakilangan. Ito ay ang mga:

- Dapat mayroon kang kontrata ng trabaho kasama ang iyung amo, at
- Dapat kang kumita ng average kahit na £118 bawat lingo.

Kung mayroon kang sintomas ng coronavirus o nagself-isolate dahil may isang tao sa bahay nyu ang may sintomas, dapat mong ipaalam sa iyung amu sa lalong madaling panahon. Ang batas ngayun ay nagbibigay-daan sa SSP na bayaran simula sa unang araw sa halip na pang-apat na araw.

Kung ikaw ay karapat-dapat para sa SSP, ang iyung amo ay kinakilangang magbigay sa iyo ng £95.85 bawat lingo habang ikaw ay may sakit o nagself-isolate. Maari kang babayaran ng SSP hanggang sa 28 na lingo.

Ayun sa kontrata ng trabaho ko, ako ay may karapatan ng karagdagang sick pay. Kinakailangan ba ng amo kong magbayad sa akin kung nagself-isolate ako?

Kung ikaw ay nagself-isolate dahil may isang tao sa pamamahay nyu na may sintomas ng coronavirus, ang iyung amo ay legal at obligado na bayaran ka sa SSP. Maaari silang pumili kung paanu ka bayaran ng iyung contractual sick pay kasama na ang panahong ito, piro hindi sila kailangan o obligadong gumawa nito.

Kung ikaw ay merong nabuong sintomas ng coronavirus, kung gayon baka may karapatan ka sa SSP at kahit na anung karagdagang sick pay ayun sa iyung kontrata.

Kung ikaw ay nagself-isolate dahil sabi ng pamahalaan na pangalagaan, ikaw ay karapat-dapat din sa SSP.

Ako ay nag tatrabaho lamang ng part-time. Ito ba ay nakakaapekto kung magkanu ang aking dapat makuha sa ilalim ng statutory sick pay?

Hindi. Kung kwalipikado ka para sa SSP, ang iyung amo ay kinakailangang magbayad sayu ng £95.85 bawat lingo.

Paanu kung hindi ako karapat-dapat para sa statutory sick pay?

Maaaring Hindi ka karapat-dapat para sa SSP kung hindi mo makamit ang kinakailangang kita, o para sa mga maraming ibang rason. Kung ito ang pangyayari, dapat mong isaalang-alang na mag-apply para sa universal credit (UC) at para sa Employment at Support Allowance (ESA). Paalala na ang benepisyo ay sobrang

kumplikado. Lubos naming inirerekuminda na humingi ng payo bago gumawa ng paghahabol para sa mga benepisyo, lalo na kung ikaw ay nag hahabol na ng ibang benepisyo. Maari mong ma-access na libre, ang payo ng dalubhasa sa mga benepisyo galing sa Law Centre NI sa pamamagitan ng pag tawag **(028) 9024 4401** at kausapin ang aming isang social security na tagapayo.

Ang Universal Credit ay isang bayad para tulong sa iyu kasama na ng gastos sa pamumuhay. Ito ay bayad bawat buwan, piro kailangan mong maghintay ng limang lingo pagkatapos mong ipasa ng iyung kahilingan bago ka makakatanggap ng bayad. Maari kang mag-apply para magbigay ang Northern Ireland's UC contingency fund para makatulong sa iyu sa panahong ito. Meron ding posibilidad ng paghahanap ng advance ang iyung bayad sa UC, gayunpaman, hindi katulad ng contingency fund, ang advance na ito ay kinakailangang bayaran.

Ng halaga ng matatanggap sa ilalim ng UC ay depende sa iyung kalagayan at sa iyung kasama, kung naaangkop. Baka makakuha ka ng karagdagang pera kung maibigay mo lahat ang mga kinakailangan, halimbawa, kung meron kang mga anak o meron kang kapansanan. Hindi ka maaari para sa UC kung ikaw o ang iyung kasama ay merong £16,000 na ipon.

'Bagong Paraan' ang ESA ay isang benepisyo na magbibigay sayu ng tulong kasama na ang gastos sa pamumuhay kung ikaw ay hindi maaring mag-trabaho. Maari mong i-acces kung ikaw ay:

- Sa ilalim ng edad na may pension, [maaari mong suriin kung para ito sayu dito.](#)
- Nagbayad ng sapat sa National Insurance Contributions (NICs) sa loob ng dalawa o tatlong taon.

Habang sinusuri ang iyong paghahabol, ikaw ay makakatanggap ng 'Assessment Rate' ng ESA. Ito ay hanggang £73.10 bawat linggo kung ikaw ay mas matanda sa 25, o hanggang sa £57.90 bawat lingo kung ikaw ay mas bata sa 25. Pagkatapos nito, malamang ikaw ay makakatanggap hanggang £111.65 sa bawat linggo.

Maari kang [mag-apply para sa UC dito.](#) Para mag-apply ng ESA, dapat kontakin mo ang Northern Ireland Employment at Support Allowance Centre sa 0800 085 6318.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa gawing paghahabol ng ESA ay [maaring makita dito](#).

Ako ay nakatanggap ng sulat na ang payo ay ‘protektahan’. Kailangan ba ng amu ko na magbayad sa akin?

Hindi, kung ito ay mang-yayari ang iyung amo ay hindi kailangang magbayad sayu. Maaari ka ring humiling ng hindi bayad na bakasyon o kausapin na maipasok sa furlough. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa furlough na pamamaraan ng pamahalaan, [pakiusap tingnan sa baba](#). Ang pamahalaan ay nagbibigay din ng patnubay na kung sinu ang ‘nag-shielding’ ay maaring mag hahabol ng SSP.

Ako ay nakatira kasama ang isang tao na nag shielding, piro ang aking amo ay gusto akong pagtrabahuin. Anu ang dapat kung gawin?

Sa kasamaang palad, walang tiyak na patnubay na nakalagay para sa mga may kasama na nakatira na nag-shielding. Sa ganitong sitwasyon, ang payo namin ay kausapin ang iyung amo at subukang makamit ang solusyon na katanggap –tanggap ng bawat panig. Ikaw ay maaari, halimbawa, humingi ng oras ng bakasyon na hindi bayad kahit alin sa simpling hindi bayad na bakasyon, o bilang bakasyon na dependent. Maari ka ring makiusap na maipasok para sa furlough. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa furlough na pamamaraan ng pamahalaan, [pakiusap tingnan sa baba](#).

Ang amo ko ay hindi naniniwala na kailangan kong magself-isolate. Paanu ko ito papatunayan?

Kung kailangan mong magbigay ng ebidensya sa iyung amo, maaari kang kumuha ng abiso para sa isolation galing sa [NHS 111 online coronavirus service](#).

Ako ay naniniwala na mahina ako laban sa virus, anu ang dapat gawin ng aking amo?

Inilabas ng pamahalaan ang patnubay at mahigpit na payo sa mga tao na mas delikado na makakuha ng Coronavirus (COVID-19), na gumawa ng striktong social distancing measures. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa mga:

- Merong matagal na kondisyon sa kalusugan, halimbawa hika diabetes o sakit sa puso, o mahinang immune system.
- Buntis
- Ang edad ay 70 o pataas.
- Nagaalaga ng isang tao na merong kundisyon sa kalusugan na baka malagay sa mas malaking panganib.

Ang mga amu ay kailangang maingat at gumawa ng labis na mga hakbang para sa lahat sa loob ng kanilang gusali kung sinu man ang mahina laban sa virus. Kung ang iyung trabaho ay maaaring gawin sa bahay, ito ay dapat papayagan. Mas maganda na sumulat o kausapin ang iyung amo tungkol dito. Bilang kahalili, ang iyung amo ay dapat gumawa para sa sa boung gusali na ligtas hanggat maari. Isasama dito ang karagdagang lugar ng paradahan para ang mga empleyado ay hindi kailangan gumamit ng pampublikong sasakyan, o pag-institute ng kakayahang pagtatrabaho para ang mga empleyado ay hindi kailangang mag-commute sa pinaka-abalang oras.

Kung ayaw mo pa ding mag trabaho, baka magawa mong ayusin kasama ang iyung amo para sa oras bilang bakasyon o walang bayad na bakasyon. Ang iyung amo ay hindi kailangan sumang-ayun nito at kung hindi ka pupunta sa trabaho na hindi alam ng iyung amo, maaringito ay mag simula at humantong sa pamamaraan ng pagdidisiplina laban sa iyo.

Pangit ang negosyo ngayun at ako ay nag-alala na ang aking trabaho ay maapektuhan, anu ang aking magagawa?

Inihayag ng pamahalaan ng UK at nang NI Executive kung anu ang magagawa para suportaang ang mga negosyo, kasama na ang mga rate at tulong buwis, ang pamamaraan ng pautang at pamamaraan ng pagbigay para sa pondo ng gastos sa sahod. Dapat mong siguraduhin na ang iyung amo ay alam ang suporta na

magagamit. Ang impormasyong saklaw sa suporta na maaring gamitin para sa negosyo sa Northern Ireland [ay makikita dito](#).

Ang sabi at plano ng aking amo para sa akin ay ipasok sa furlough sa panahon ng outbreak, anu ang ibig sabihin nito?

Ang mga mangagawa na pinasok sa Furloughed, sila ay ang nasuspendeng trabaho na tukoy ng panahon. Kung hindi pareho bilang inilatag o kalabisang ginawa, ikaw ay mananatili sa payroll ng iyung amo at panatilihin ang mga benepisyo sa trabaho, kasama na ang balak na ipagpatuloy ang bayad na trabaho hanggang sa matapos na ang panahon.

Habang ikaw ay pasok furloughed, ang iyung amo ay maaaring magbayad sayu hanggang sa 80% ng iyung kinagawiang sahod (hanggang sa £2,500 bawat buwan) gamit ang ibinigay galing sa pamahalaan ng UK. Ang iyung amo ay maaaring 'itaas ito' sa nakagawiang sahod kung gostohin nila, piro hindi nila kailangan o obligado gawin.

Ang pag-pondo na ito ay galing sa pamahalaan ng UK's [coronavirus job retention na pamamaraan](#). Ang pamamaraang ito ay angkop hanggang apat na buwan galing sa 01 March 2020, piro ito ay maaaring palawakin kung kinakailangan.

Para kwalipikado sa mga ibibigay, ang mga amo ay kailangang komfirmahin sa sulat (sa pamamagitan ng sulat o email) sa iyo na nagsasabing ikaw ay pasok na sa furloughed. Ang iyung amo ay hindi maaaring ipasok ka sa furlough na hindi kasama ang iyung pahintulot piro kailangan mong magbigay ng nakasulat na sagot. Ang nakasulat na abiso galing sa iyung amo ay dapat kasama ang kasunduan na dapat ikaw ay hindi mag tatrabaho sa iyung amo habang pasok sa furloughed. Ang rekord ng abiso na ito ay dapat na itago ng limang taon. Pinakamahusay na kasanayan ay iminumungkahi na ang amo at ang empleyado ay mag-sign ng nakasulat na 'furlough na kasunduan'.

Ako ay pasok na sa furloughed, maari pa ba akong magtrabaho para sa aking amo sa panahong ito?

Hindi. Ang pagtatrabaho sa iyung amo habang pasok sa furloughed ay maaaring makakasama sa iyung pagiging karapat-dapat para sa pamamaraan. Gayunpaman, maari kang magkaroon ng bagong trabaho habang pasok sa furlough kung ipinahalintulot ito ng iyung kontrata.

Maaari kang mag-volunteer na trabaho, hangga't hindi ito nagbibigay ng mga serbisyo sa, o gawing pera para sa iyung amo. Ang iyung amo ay maaring tumulong sa iyu sa paghahanap ng bagong trabaho o volunteer na mga oportunidad habang naka-furlough ka, kung ang kasalukuyang pampublikong patnubay sa kaslusugan ay pumayag.

Maaari ka pa ring mag-training hanggat Hindi ito nagbibigay ng serbisyo sa, o gawing pera para sa iyung amo. Kung sinabi ng iyung amo na mag-training, dapat ay bayad ka kahit na ang tamang minimum na bayad sa panahon ngayun. Sa lagay ng karamihan, sakop na ang bayad ng iyung furlough piro kung hindi ang iyung amo ay dapat magbayad ng karagdagang sahod na karapatan mo.

Naipasok na ako sa furloughed. Maaari bang ang aking amo na ilipat ako sa hindi na labas na sa furlough kung meron ng trabaho. Maari ba akong ibalik sa furlough na pamamaraan kapag tapos na ang trabaho?

Oo, hangga't natutugunan ang ilang mga kundisyon.

Ang mga empleyado ay kailangang ipasok sa furlough kahit na tatlong linggo para kwalipikado sa pamamaraan. Kaya, kung nakita ng iyung amo na meron ng trabaho pagkatapos naipasok sa furlough na pamamaraan ng tatalong linggo, maari ka nilang tanggalin sa furlough na pamamaraan at ibalik sa trabaho. Kung binalik ka nila bago ka nakapasok sa furlough na pamamaraan ng tatlong linggo, hindi ka kwalipikado sa bayad sa ilalim ng pamamaraan.

Wala ding makapag pigil sa mga amo na paikutin ang mga tauhan on at off sa furlough, hanggat sumunod sa takdang oras. Maaari itong i-apply, halimbawa, kung dalawa sa inyu ay kalimitan na nagtatrabaho ng parihong trabaho piro ang kailangan ng iyung amo ay isang tao lamang para magtrabaho habang may outbreak. Ang ganitong pangyayari, ikaw at ang iyung ka trabaho ay maaaring salitan sa pag trabaho, pagkuha ng tatlong linggo na pasok sa furlough kasunod ng tatlong linggo na may trabaho at iba pa.

Ako ay kumita ng parte sa aking sahod galing sa komisyon, ito ba ay kasama na sa pamamaraan?

Kung ikaw ay garantisado at tiyak na antas na bayad ng komisyon sa iyung kontrata, ang iyung amo ay maaaring maghahabol para ito ay maging sakop ng pamamaraan. Gayunpaman, ang kadalasan ng ibang komisyon o discretionary bonus na bayad ay hindi sakop. Kaya halimbawa, kung ikaw ay tagabenta na kumukuha ng porsyento sa kahit na anumang iyung naibenta, hindi ito sakop sa pamamaraan. Katulad din kung may posibilidad kang kumita ng ilang pera sa mga tips, ito ay hindi sakop sa pamamaraan, maliban kung tiyak na halaga ay tinutukoy sa iyung kontrata ng pagtatrabaho.

Mayroon akong dalawang trabaho na part time, maari bang makakuha ng benepisyo sa furlough na pamamaraan?

Oo, hanggat ikaw ay bayad sa pamamagitan ng PAYE. Bawat amo, kung saan ka nagtatrabaho ay kailangang malaya kang italaga bilang pasok sa furloughed na nag tatarabaho at mag-apply para isali ka sa pamamaraan. Sa karagdagan, maaari kang maipasok sa furlough galing sa isang trabaho hindi sa iba.

Ako ay naipasok na sa furloughed. Maari ba akong magtrabaho sa iba?

Kung ang iyung kontrata sa pagtatrabaho kasama ng organisasyon na nagpasok sayu sa furloughed ay papayag nito, maaari kang magsimula ng ibang trabaho sa ibang lugar.

Ako ay naipasok na sa furloughed. Maaapiktuhan ba ang aking karapatan sa benepisyo?

Depende sa iyung mga pangyayari, maaring gawin ito.

Para sa libre, walang kinikilingan na payo sa lahat ng aspeto ng sistema ng kapakanan, pakiusap tumawag sa aming linya ng payo 028 9024 4401 at kausapin ang tagapayo sa social security.

Naipasok na ako sa furloughed , piro ang 80% ng aking karaniwang sahod ay hindi sapat para mabuhay, maaari ba akong maghabol ng mga benepisyo?

Oo, depende sa iyung pangyayari, baka pwede kang maghabol ng mga benepisyo. Lubos naming inirerekuminda na humingi ng payo galing sa mga espisyalista bago gumawa ng paghahabol para sa mga benepisyo.

Ang Law Centre NI ay nag-aalok ng libring batas na walang kinikilingan na payo sa paghahabol ng mga benepisyo. Upang ayusin ang tawag pabalik pakiusap tumawag sa aming linya 028 9024 4401 at kausapin ang tagapayo sa social security.

Ako ay nagtatrabaho sa ahensya o walang kontrata, maaari pa rin ba akong ipasok sa furloughed na pamamaraan?

Oo, hanggat ikaw ay nasa payroll ng iyung amu gamit ang PAYE sa kasalukuyan o bago mag 19 March 2020 at ang iyung amo ay sinumiti ang abiso ng impormasyon sa takdang oras ng HMRC sa petsa na ito, ang pamamaraan ay sakop ang mga empleyado sa kahit na anung klasing kontrata, kasama na ang:

- Full-time employees.
- Part-time employees.
- Employees on agency contracts.
- Employees on flexible o walang kontrata.

Ako ay ginawang hindi kailangan ng aking amo sa sagot ng Coronavirus outbreak. Maaari bang ang aking amo ay tatanggapin ulit ako at sa halip, ilagay sa furlough na pamamaraan?

Oo, sa napapailalim na mga kundisyon.

Kung ikaw ay ginawang Hindi na kailangan o pinahinto sa pagtatrabaho para sa iyung amo sa loob ng 28 February 2020 at 19 March 2020, ang iyung amo ay maaaring ikaw ay muling tanggapin at ipasok sa furlough. Para maging kwalipikado, ang iyung amo ay dapat magbayad sayu gamit ang PAYE at gumawa at nagsumiti ng Real Time Information (RTI) sa kasalukuyan o bago mag 28 February 2020.

Kung ikaw ay ginawang hindi na kailangan o pinahinto sa pagtatrabaho para sa iyung amo pagkatapos ng 19 March 2020, ang iyung amo ay maaaring ikaw ay muling tanggapin at ipasok sa furlough. Para maging kwalipikado, ang iyung amo ay dapat magbayad sayu gamit ang PAYE at gumawa at nagsumiti ng Real Time Information (RTI) sa kasalukuyan o bago mag 19 March 2020.

Ako ay nanggaling sa fixed-term na kontrata na tapos na at ako ngayun ay walang trabaho. Maaari bang ang aking lumang amo na ilagay ako sa furlough.

Oo, sa napapailalim na mga kundisyon.

Kung ikaw ay nasa fixed-term na kontrata, ang dati mong amo ay maaari kang tanggapin ulit sa trabaho, sa furlough a maghahabol para sa iyo kung ang iyung kontrata ay na-expire pagkapatos alinman:

- 28 February 2020 at sa RTI (Real Time Information) sa pagsumiti ng bayad para sa iyo na dati ng may abiso sa HMRC sa kasalukuyan o bago mag 28 February 2020
- 19 March 2020 at nagsumiti ng bayad sa RTI para sa iyo na dati ng may abiso sa HMRC sa kasalukuyan o bago mag 19 March 2020

Kung ang iyung fixed-term na kontrata ay hindi pa natapos, ang iyung amo ay maaring mag-extend o ulitin ito. Ang iyung amo ay maaaring maghahabol para sa

iyong kung nagsumiti ng bayad sa RTI para sa iyo at binigyang abiso ang HMRC sa kasalukuyan o bago mag 19 March 2020.

Kung ikaw ay nagsimula at tinapos ang parehong kontrata sa loob ng 28 February 2020 at 19 March 2020 hindi ka kwalipikado sa pamamaraan na ito. Ito ay hindi tiyak sa mga empleyado na nasa fixed-term na kontrata, at parehong ilalapat sa mga empleyado na sa lahat ng ibang mga kontrata.

Nagsimula ako ng bagong trabaho mula noong 19 March, maaari bang ang aking bagong amo na maipasok ako sa furlough na pamamaraan?

Hindi, para maging kwalipikado para sa pamamaraan ay dapat nasa payroll ka ng iyung amo gamit ang PAYE, sa kasalukuyang o sa bago mag 19 March 2020 at ang iyung amo ay nag sumiti na abiso ng real time information sa HMRC sa petsa na ito. If makita mo ang sarili mo na hindi maaaring maisama sa furlough na pamamaraan sa ilalim ng iyung bagong trabaho, maaari kang magtanung sa dati mong amo na tatanggapin ka ulit sa trabaho at ipasok sa furlough. Paalala ito ay sa diskresyon lamang ng iyung amo.

Pagtatangi

Kahit na ang bawat pagsisikap ay ginawa para matiyak ang impormasyon ng mga pahayagan ng Sentro ng Batas ay tama, kami ay hindi maaaring responsable para sa mga hindi tama o ang kanilang mga kahihinatnan. Ang impormasyon sa mga dokumentong ito ay hindi dapat tratuhin bilang kompleto at makapangyarihan na pahayag ng batas.

Ang Law Centre NI ay pinatatakbo lamang sa loob ng Northern Ireland. Ang impormasyon sa dokumentong ito ay naaangkop lamang sa batas ng Northern Ireland.

Kapag nagbabasa ng dokumento ng Law Centre NI, pakiusap bigyang pansin ang petsa ng paglalathala, dahil ang batas ay maaring magbago mula ng mailathala ito.

© Law Centre NI 2020

